REP. CUA. Pareho po naman silang kasama sa ating objective. Sa buong Southeast Asia po kasi, ang Pilipinas ang may pinakamataas na corporate tax rate at 30 percent at gusto natin, in a manageable way, to lower this down to 20 percent para sa ganoon ay maging competitive ang ating bansa. Itong corporate income tax rate po ang pinapasan na buwis ng ating mga kumpanya at 95 percent po dito ay ang ating mga small, medium and micro enterprises na nagbabayad ng 30 percent sa ngayon.

REP. TY. Ano po ang dahilan bakit ho ginawa po natin staggered ang pagbababa po ng corporate income tax? Bakit ho ginawa pa nating 10 taon? Bakit hindi na lang ho gawin nating isang beses na 20 porsiyento sa susunod na taon ang ating corporate income tax?

REP. CUA. Kung titingnan po ninyo, marami pong iba't ibang panukala dito at doon sa different versions, nakakabit iyong pagbaba ng corporate income tax rate sa level of improvement in collections ng ating revenue collectors ng BIR at ng Customs. Mayroon din namang version na isang taon, every year, ibababa natin ng one percent. So, sa mga pag-uusap at talakayan with the Department of Finance, so far, ito ang pinaka-workable solution dahil mas predictable po at iyong mga kumpanya, mapaplano nila ang kanilang fiscal year at maaari nilang ma-forecast ang kanilang mga tax implications o iyong mga babayaran nilang buwis sa gobyerno kaya po naging ganito ang current version ng ating panukala.

REP. TY. Sa pananaw po ninyo, G. Isponsor, ang atin pong pagbawas ng ating corporate income tax sa loob ng 10 taon ay mas magbebenepisyo po ba, as a whole, ang ating ekonomiya base sa pagpasok ng mas maraming investors, o dahil sa pangangailangan ng gobyerno na makasingil pa rin ng sapat na pangangailangan na gastusin ng ating bansa?

REP. CUA. Ito po o ang original design ng ating TRABAHO Bill ay revenue neutral at kung titingnan natin ang draft nito, wala po tayong ini-introduce na buwis sa anumang bilihin, at wala po siyang inihahandang pag-angat ng buwis sa mga consumer goods na binibili ng ating mga mamamayan. So, kung sakali man mababawi ng gobyerno ang ating forgone revenues as a product of lowering our corporate income tax, it will be by rationalizing the fiscal incentives. Iyong mga tax expenditures na binibigay ng gobyerno taun-taon sa mga industriyang hindi na nangangailangan ng incentives ang siyang pamamaraan ng gobyerno na mabawi kung anuman ang mawawalang income sa pagbaba ng corporate income tax.

REP. TY. Sa pananaw po ba ninyo, G. Isponsor,

itong ating ginagawang pagbaba ng corporate income tax sa loob ng 10 taon at wala nga tayong i-introduce na bagong panukalang buwis, mayroon ho tayong pagkukunan noong mga ibababa natin na corporate income tax? Saan ho natin kukunin ito, G. Isponsor?

REP. CUA. Saan ho kukunin ...

REP. TY. Habang binababa natin ang corporate income tax taun-taon o every two years, at sabi nga ninyo ay wala tayong i-introduce na bagong buwis, saan ho natin kukunin ngayon itong kakulangan o iyong mababawas sa ating sisingilin? Dahil bumababa ho iyong corporate income tax, saan ho natin kukunin ngayon itong mga kakulangan na iyan?

REP. CUA. Iyong pambawi ng gobyerno ay sa pagbabawas sa ating tax expenditure, sa mga insentibo na binibigay ng gobyerno sa mga malalaking kumpanya na maaaring hindi na kailangan bigyan ng incentives ang mga industriya na iilan at dahil babawasan natin ang tax expenditure, iyon po ang kapalit o magbabalanse doon sa foregone revenues sa pagbaba ng ating corporate income tax.

REP. TY. Halimbawa po, gusto ko hong maliwanagan kung anu-ano po ba ang mga malalaking sektor or industriya na tatanggalan ho natin ng incentives o insentibo para ho tayo ay makabawi o makadagdag doon sa tatanggalin nating pagbubuwis sa mga corporate income tax. Puwede ho bang makapagbigay ng mga halimbawa.

REP. CUA. Hindi po kasi natin intensiyon na alisin lahat ng incentives by industry. Ang intensiyon po natin ay magkaroon ng isang framework o platform kung saan ang lahat ng ating mga investors ay magkakaroon ng isang menu of incentives, para sa ganoon ay mas madaling maging transparent ang sistema, mamonitor ng gobyerno kung ang bawat kumpanya ba ay nangangailangan pa ng incentives o hindi na po. It will not target any industry, it has never targeted any particular industry. In fact, sa bawat industriya sa bagong sistema, maaaring in one industry, if one company is deserving of incentives dahil siya ay lumalago at nag-i-invest nang patuloy ng kanyang kapital at patuloy na lumilikha ng trabaho, maaari siyang magpatuloy at mag-renew sa kanyang scheme of incentives. While another company in the same industry na hindi nag-e-expand, na hindi na lumilikha ng panibagong trabaho, na nabawi na niya ang kanyang investment na original, na nag-expire na ang kanyang incentives, ay maaaring matigil na ang kanyang incentives.

REP. TY. Puwede ho ba nating bigyan ng halimbawa? Halimbawa, ang Board of Investments,

ano po ba ang mawawala o mababago sa insentibo na nakukuha ng isang kumpanya na nag-apply sa Board of Investments? Halimbawa, ang income tax holiday, ano ho ang magiging pagbabago dito ho sa panukalang batas na ito?

REP. CUA. Ang pagbabago ay magkakaroon na po tayo, moving forward, ng bagong menu. So, magkakaroon na po ng three-year income tax holiday and two years of other tax incentives para sa isang kumpanya na nag-i-intend o nagbabalak na mamuhunan at magnegosyo dito sa Pilipinas. So, iyong mga nakaraan naman po sa kasalukuyang scheme of incentives ay maaari nilang ma-enjoy ang kanilang incentives for another period of two to five years as ito po iyong transition period ng mga current incentives. Pagkatapos naman po nitong two to five-year period o bago ito matapos, ang kumpanya naman ay maaaring mag-apply muli ng new set of incentives, given po na dapat siya ay nag-i-introduce ito ng bagong investment at lumilikha ng karagdagang trabaho.

REP. TY. Gusto ko lang ho sanang linawin, G. Isponsor, regarding po dito sa nababanggit po ninyo, ang dati pong polisiya sa Board of Investments sa income tax holiday ay limang taon. Ngayon po, ito ay babaguhin sa tatlong taon at ang natitirang dalawang taon ay puwedeng i-avail sa pamamagitan ng iba pa hong mga insentibo. Hindi ho ba ito magiging mas magulo para ho sa gobyerno at para ho sa investor na gustong mag-invest sa ating bansa dahil dati-rati, limang taon na straight ay may income tax holiday siya? Ngayon po ay magiging tatlong taon, tapos, iyong natitirang dalawang taon ay mamimili siya sa other incentives na kailangan niyang ma-avail. Ito po ba ay makakabuti in terms of doon sa sinasabi ho natin na magpapagaan sa ating gobyerno, sa BIR, sa paniningil dahil it will simplify everything, at ganoon din doon sa negosyo o negosyante or isang company na nag-a-avail nitong mga insentibo na binibigay sa isang kumpanya na mag-i-invest sa ating bansa.

REP. CUA. Naniniwala tayo na ang ating panukala ay makabubuti sa gobyerno dahil ito po ay magbibigay linaw sa dinami-daming mga industriya na ngayon po ay nag-e-enjoy ng incentives. Hindi naman po lahat. Nakikita naman po natin na maraming industries na deserving at iyong iba nga ay kailangan pang bigyan ng additional incentives, pero mayroon din mga ibang kumpanya, mga iilan na hindi na nangangailangan ng incentives. Kaya nga po with the new scheme, with the new framework of giving incentives, magiging mas maliwanag at magiging transparent sa gobyerno at makikita ng gobyerno kung anong incentives ang tama, anong kumpanya ang nagpe-perform, anong kumpanya ang hindi nangangailangan ng incentives. Kung hindi



na siya nangangailangan ng incentives, naturally po, may sunset ang ating mga incentives pero kung siya naman po ay patuloy sa paglago at patuloy sa pag-i-invest, then, maaari naman po niyang i-renew muli ang kanyang incentives for another five years—five to seven years po pala.

REP. TY. Tama po. Ang concern lamang ho ng Representanteng ito, of this Representation, is that iyon pong pagiging competitive po natin laban sa ating mga kapit-bahay na bansa. Marami ho nahikayat na pumasok upang mag-invest ng kanilang mga factories that incur a lot of investment and a lot of manpower that can help our economy. Alam po naman natin na ang mga bagong negosyong pumapasok sa kahit na anong bansa ay may panahon na kailangang gugulin para ho ito ay mag-umpisang magkaroon ng magandang hanapbuhay or magkaroon ng profit o maging profitable.

Ang tanong ko ngayon is, with this Bill na tatanggalin po natin at babawasan natin ang limang taon at magiging tatlong taon and at the same time, hindi naman ho nila ma-fully utilize or use iyong ating bagong corporate income tax dahil ito po ay after 10 years pa po bago nila ma-fully avail iyong 20 percent, samantalang kapagka titingnan po natin ang ating mga katabing bansa, sila po ngayon ay nasa 20 percent na po ang kanilang corporate income tax. Ang akin pong ibig patungkulin or sabihin ay, bakit ho kailangan nating gawing 10 taon kung kaya naman nating iklian? Nakikita ko po na ang pagiging competitive po natin ay magkakaroon ng effect sa mga investors na nagnanais pumasok sa ating bansa, kapag nakita po nila na nabawasan iyong dating kanilang ini-expect na makukuhang insentibo dahil base ho sa maraming datos, bago ho kumita ang isang negosyo ay kailangang gumugol ng at least three to five years. Iyon pong mga insentibong ibinibigay po ng ating bansa ay isang malaking tulong para sa kanilang pagpasok. Masasabi ko po na tama ho, maganda ang ating panukala na gagawin nating 20 percent ang ating corporate income tax pero ang akin lang hong pangamba ay masyado hong mahaba ito hong pagbibigay natin upang tayo po ay maging competitive with our neighboring countries. Hindi ho natin alam na baka ho sa susunod na mga dalawa, tatlong taon, magbago na naman po iyong kanilang mga insentibo or taxes, kaya paano ho tayo makakahabol? Iyon lamang po naman ang aking pangunahing concern dito ho sa ating panukalang batas.

REP. CUA. Tama po iyon. Hindi tayo nagkakaiba ng pananaw na mas maagang ibaba ay mas maganda. Dito po sa ating current version, mayroon tayong inilagay na acceleration process. So, ang ibig sabihin lang po nito, kapag ang gobyerno ay, kumbaga, nag-excel ang gobyerno sa pagkolekta ng buwis, maaaring bumilis din ang pagbaba ng corporate income tax ahead

of schedule. So, mayroon po tayong provision dito na maaaring i-accelerate ang pagbaba nito. It may be shorter than 10 years if our government is able to realize more collections and realize more savings.

REP. TY. So, mayroon hong mga panukalang mag-a-accelerate po niyan pero ano po ba ang mga kondisyon? Kagaya po ng sinasabi natin that we have to accelerate if we have a good collection or enough savings pero alam po naman natin that, sa laki po ng pangangailangan ng ating bansa para sa imprastruktura, kadalasan po ay hindi sumasapat iyong ating koleksiyon. Naisin man ng ating mga departamento ng gobyerno na kumolekta, ayusin ang koleksiyon, ang taun-taon na nakakamit nating collections ay hindi pa rin sasapat doon sa ating pangangailangan. Ang aking pangamba, baka ito pa ho ang makapagdagdag ng problema sa atin, na kung nabawasan ang ating mga mag-i-invest o magnanais na mamuhunan sa ating bansa ay lalo po tayong magkaroon ng problema sa koleksiyon.

REP. CUA. Sa pag-aaral po natin at kung maaari kong ibahagi sa inyo, sa isang private conversation ng isang opisyal ng ating Board of Investments, nabanggit nga po niya sa akin na mayroon daw po silang mga potential investors na pumipreno muna sa kanilang investment dahil hinihintay nila iyong panibagong set of incentives dahil naniniwala sila na mas targeted at mas akma sa kanilang investment iyong bagong set of incentives. Kaya nga po sa ating pananaw, dahil sa pagda-dialogue din natin with the stakeholders, kailangan lang po natin sigurong liwanagin na ang bagong set of incentives ay talagang mas maganda kaysa sa current set of incentives.

Sa bago pong set of incentives, mayroon tayong tinatawag na double deduction. Ibig sabihin, kapag ang kumpanya ay namuhunan sa larangan ng science and technology or in innovating their products, ito hong investment o gastusin ng kumpanya in that field ay maaari niyang ibawas sa kanyang taxable income ng doble. Mayroon din po tayong additional 50 percent deduction on labor. Ibig sabihin po, kung ang isang kumpanya ay nagpapasuweldo ng isang milyong piso sa kanyang mga manggagawa, ang puwede niyang ibawas sa kanyang taxable income is P1.5 million. So, ini-incentivize po natin iyong mga activities na, sa tingin natin, ay makakabuti sa ating mga kababayan. Ang layunin natin diyan para ang kumpanya ay taasan ang kanyang mga pasuweldo dahil doble ang kanyang deduction dito. Kaysa titipirin niya ang manggagawa ay gaganahan siya na iangat ang mga suweldo ng kanyang mga manggagawa.

REP. TY. Tama po kayo diyan, G. Isponsor, pero tandaan po natin na ang minimum wage po ng ating

bansa ngayon ay hindi na ho nagkakalayo doon sa minimum wage ng katabi nating mga bansa. Kung atin hong titingnan, ang minimum wage natin dito ngayon ay nagkakahalaga P514 sa NCR. Ang Vietnam is almost lower by a hundred pesos if you will compare our minimum wage. The same thing with Thailand, which has almost the same as our minimum wage.

So, maliban po doon, much as I want to give an increase in the salaries and wages of our employees, the problem is, tayo po ay napapalibutan ng mga katabi nating bansa na aktibo po sa paghihikayat ng maraming mga company at sila ho mismo ay nagtayo ng maraming economic zones at napakaraming mga pribilehiyo na ibinibigay. Halimbawa na lang po ng isang bansa na katabi natin na, sa pananaw ko, ay mas malayo na iyong ating narating, ang Vietnam. Sa Vietnam ngayon, kapag ikaw ay pumunta roon, ikaw ay sasalubungin, dadalhin sa isang one-stop shop; ikaw ay patitirahin sa isang magandang matitirahan habang inaayos ang mga dokumento ng iyong investment.

Iyong pong mga ganoong mga galaw upang sa paghihikayat po ng kanilang mga investor ay hindi ho dapat natin itong isawalang-bahala dahil darating ho ang isang araw at tayo ay magigising na lang na mas marami na hong lumipat na mga investors sa mga bansang dahil kung sila ay makapag-imbata ay napakaganda ng mga insentibong ibinibigay.

REP. CUA. Nauunawaan natin po kayo at napakaganda ng inyong punto na dito sa mundo ngayon, hindi tayo nag-iisa o nagsosolo at kailangan tayong makipagsabayan sa ating mga kapitbahay, which is also isa sa mga pangunahing dahilan na nakikita natin na panahon nang ibaba ang ating corporate income tax. Aminin natin na medyo may katagalan ito ngunit to be prudent o para maging maingat sa pagbaba nito, minabuti ng ating panukala na dahan-dahan ito para maiging maip plano rin ng gobyerno ang pagbawi nito o pag-survive ng ating fiscal health.

So, iyon po ang dahilan kung bakit natin ginagawa ito. Sang-ayon naman tayo at kinikilala natin ang importansiya na tayo ay dapat tumingin sa ating mga kapit-bahay in order to be able to deliver on the objective na gusto nga nating maging mas competitive bilang destination ng investments ang ating bansa.

REP. TY. Pareho po tayo ng pananaw sa pagsisiguro na ang ating bansa ay kailangan maging competitive at tama po kayo, maliit na ho ang mundo ngayon para ho sa paghihikayat ng mga bagong investors—investors na makakapag-create ng mas maraming trabaho, investors na makakapagtayo ng permanent structures at factories na pakikinabangan po natin sa mahabang panahon.

Ngayon po, ang isa pa ho, maliban sa Board of Investments incentives, tutungo po ako doon sa IPAs,

kasama dito po iyong PEZA zones. Ano po ba iyong mga tinanggal po natin dito po sa mga IPAs ho natin pagdating po sa panukalang batas na ito?

REP. CUA. Hindi naman po natin inalis ang mandato ng ating mga investment promotion agencies dahil patuloy silang magpa-function, patuloy po silang maghihikayat ng investors sa kanilang mga lugar at sa kanilang mga industriyang sinusupportahan. Ang nilagay lang po natin dito ay ang pagiging timebound. Nilagyan lang po natin ng klarong linya kung hanggang saan ang duration ng kanilang incentives.

Ganoon pa man, kahit po sila ay may deadline, maaari nga po nilang i-renew ang incentives nila. Kailangan lang po nilang patunayan na sila ay patuloy sa kanilang investment, patuloy sa kanilang paglago at paglikha ng trabaho.

REP. TY. Subalit ang problema ho natin dito, G. Isponsor, ay iyong pagbabago po ng ating mga fiscal incentives. Halimbawa, doon muna ho tayo sa mga nandito na nakapagtayo na ng kanilang mga companies, nakapagtayo na ng kanilang mga factories, mayroon na ho silang mga libu-libong empleyado at mayroon na rin po silang negosyong tumatakbo rito. For example—doon po tayo sa PEZA zones, ano po ba ang mangyayari ngayon doon sa 70-30 percent, 70 percent exports and the 30 percent can be sold domestically. Ano po ba ang gagawin nating pagbabago doon?

REP. CUA. Ganoon pa rin naman po except that, ngayon po kasi, patungkol sa VAT or value-added tax, ili-limit natin sa 90 percent exports ang siyang mag-e-enjoy ng zero rating for their suppliers. So, ang ibig sabihin lang po noong iba, kung siya po ay 70-30 percent, siya po ay magkakaroon ng VAT refund system para iyong kanyang input VAT ay maaari niyang singilin pabalik mula sa ating gobyerno.

REP. TY. Ang tanong po pagdating sa tax credit ay, gaano ho ba katagal bago po makuha o ma-collect ito ng isang company o isang nagnenegosyo after niya mapatunayang lahat ng kanyang mga produkto ay naibenta niya sa export? Sa kasalukuyan, ang nararamdaman ng mga negosyante na outside of the PEZA, kung sila man ay nagnanais na ipasok ang kanilang pagnenegosyo sa export, napakatagal po bago nila makuha iyong tax credit o iyong pagbalik ng value-added tax.

Sa panukalang ito, ang akin hong interpretasyon dito ay binabawasan na po natin ang mga insentibo sa PEZA zones at gusto ho nating maging competitive ang buong bansa, ang mga kumpanyang nagnenegosyo sa ating buong bansa by reducing their corporate income tax and also, encouraging them to do export and

supporting them. The problem is, iyon pong value-added tax ang isang dahilan po kung bakit hindi po tayo nagiging competitive sa ating mga export businesses, dahil sa bawat produktong ibebenta po nila ay may 12 percent na nakapataw at hindi ho nila alam kung kailan nila ito masisingil sa gobyerno. Kaya po marami ang pumupunta ho sa PEZA zones. Ngayon, ang katanungan ho diyan ay—in many of the IPAs areas, ang primary reason bakit sila pumapasok sa mga economic zones o PEZA zones is that 70-30 percent. So, ano po ba ang maidudulot na maganda if we increase it to 90 percent threshold?

REP. CUA. Una po, gusto ko lang liwanagin na kung ang isang kumpanya ay 70-30 percent, tuloy naman po na lahat ng produktong ini-export ay VAT free or walang VAT, at lahat ng produktong ibinebenta sa domestic market ay papatawan ng VAT which is, ganoon naman po ang practice sa buong mundo. Nais ko rin naman pong i-concede na napansin natin na sa mga nakaraang taon, sa mga experiences ng mga negosyante, hindi po talaga efficient at effective ang ating refund system at nagkakaroon pa ng mga panahon na inaabuso ito ng ilan.

Ganoon pa man, sa ating panukala ay i-implement lamang ito kapag nagkaroon na tayo ng 90-day effective refund system. Ang layunin natin ay maging transparent ang sistema para nang sa ganoon ang ating tax system ay mas maging fair. Ang hirap lang po kasi, Mme. Speaker, Congressman Ty, ay hindi natin maiwasan na punahin na maraming mga leakages na nangyayari sa ating mga teritoryo na kung saan nangyayari itong mga tax-free incentives. Kaya nga po tayo ay lumilikha na ng mga sistema para masugpo ang mga leakages na ito at talagang iyong mga ini-export lang po ang ating isasalba mula sa VAT, at iyong mga talagang nagbebenta naman sa domestic market ay dapat magbayad talaga ng VAT.

REP. TY. Sumasang-ayon po ako doon, G. Sponsor, sa inyong posisyon subalit ang tanong lamang ay, ano po ba ang timeline natin for us to realize, from the department concerned, iyong sinasabi nating 90-day refund? Mayroon na ho ba tayong timeline regarding diyan dahil napakaraming mga companies na nagnanais na—outside of the PEZA zones and they are more than what are inside the PEZA zones—those who want to do business outside of our country dahil masyadong malaki naman ho ang merkado para ho tayo ay pumunta at mag-bakasakali at makipag-compete internationally, subalit ang nagiging problema po natin ay tayo po ay palaging tali sa pamamagitan ho ng VAT. Ito ho iyong isang pinakamalaking problema po natin.

Sa ngayon, kung nakikita ko po itong batas natin na mayroon ho tayong mga insentibo na gusto hong bawasan under the PEZA zones, ang tanong ay, saan

ho pupunta ngayon itong mga parating at existing companies that are just enjoying the incentives of the PEZA zones, kung wala hong kasiguraduhan kung ano ho iyong ating timeline to guarantee that the VAT refund on those export products ay makukuha po nila within 90 days? Ang 90 days po ay risonable pero sa kasalukuyan ay inaabot ho ito ng tatlo hanggang limang taon bago ho nila makuha iyong refund, at kung minsan ay hindi pa ho nila nakukuha or hindi nila nakukuha ito ng buo. Ito po iyong problema natin.

Maganda po ang panukalang batas pero handa po ba tayo na maging competitive sa pamamagitan na gandahan ng ating mga departamento ang kanilang serbisyo upang mabigyan sila ng proteksiyon through the delivery of their services as incentives to our investors?

REP. CUA. Una po, as mentioned earlier, alam po natin at tinatanggap natin ang criticism na noong nakaraan, talagang hindi po at sa kasalukuyan magpahanggang ngayon, hindi pa po na-establish ang isang efficient at credible tax refund system. Kung atin pong maaalala, iyong nakaraang Tax Reform Law na ating tinalakay at ipinasa dito sa Kongreso, ang nakalagay po doon ay hindi ma-i-implement iyong pagkaalis ng zero rating ng mga indirect exporters kung hindi pa kayang tuparin ng gobyerno ang kanyang pangako na ang lahat ng tax refunds ay babayaran niya sa loob ng 90 days. Sa huling report po ng ating BIR, sila daw po ay naghahanda at nagsisikap na by January 1 sa susunod na taon ay ipatutupad nila ang pag-refund ng lahat ng VAT within 90 days. Iyan po ang kanilang target at timeline sa pag-implement ng provision na ito.

REP. TY. Iyan po ba ay maaaring maisama dito sa batas na gusto nating ipasa sa ngayon?

REP. CUA. Nakalagay na po iyan doon sa nakaraang piece of legislation na ating ipinasa, ngunit I believe na consistent naman po siya doon at wala naman po sigurong problemang i-consider ng Committee o ng Plenary ang inyong panukala.

REP. TY. Maraming salamat po, G. Sponsor. Dito naman po tayo sa another incentive ng IPAs, ito po iyong five percent on gross income earned in lieu of all taxes. Paano ho ba ang gagawin natin dito?

REP. CUA. Sa panukala natin, itong five percent na siyang ibinibigay ng ating mga investment promotion agencies ay ililipat natin. Imbes na gross income ay ilalagay natin siya sa sistema ng tax on net income. Ganoon pa man, hindi siya papasok sa regular income tax rate at mag-e-enjoy pa rin siya ng preferential rate na kalahati ng tax rate. Ang ibig ko pong sabihin diyan, para maipaliwanag ng mahusay, kung sa mga taon na

ang income tax rate ay 30 percent, which are 2020 and 2019, ito po ay magiging 15 percent. Pagdating naman sa taon na siya na ay 28 percent, ito po ay magiging 14 percent. Kapag 26 percent na po, magiging 13 percent, hanggang umabot sa 20 percent iyong income tax rate, ay magiging 10 percent po ito.

REP. TY. Ang isang concern ko lang po dito ay ang ating corporate income tax ay aabot ng 10 taon bago natin ma-realize iyong 20 percent. Iyon mga nandito na po na nahikayat na po natin na at nagsitayo ng kanilang mga negosyo, ilang taon na lang po ba ang kanilang maaaring magamit to avail of these incentives?

REP. CUA. Okay po. Iyon pong mga kumpanya na nag-e-enjoy ng mga incentives sa mahigit ng 10 taon, mayroon po silang transition period of another two years. Iyong mga kumpanyang nag-e-enjoy na ng incentives currently, between five to 10 years na nilang na-e-enjoy ang incentives na ito, sila po ay bibigyan ng tatlong taon na *status quo* bilang kanilang transition period. Iyon naman pong below five years, ang kanilang incentives na na-avail mula sa ating mga agencies ay maaari pang mabigyan ng additional five years bilang sunset provision ng kanilang incentives. So, wala pong galawan iyan for the next five years.

REP. TY. Yes, pero nabawasan po iyong kanilang mga insentibo. Ang katanungan ay, kumusta naman po ang mga commitments ng mga nagnanais pumasok sa ating bansa upang mag-invest, sa pag-introduce po natin nitong panukalang batas, House Bill No. 8083?

REP. CUA. Sa ngayon, inaamin natin na dahil ang panukala ay hindi pa nailalagay sa batas o hindi pa talaga naisasabatas, ito po ay lumilikha ng pangamba o uncertainty sa ating mga investors. Kaya po sa ating pananaw, isang decisive stand at isang mabilis na proseso ang kinakailangan dito para maagapan natin itong uncertainty o iyong pangamba ng ating investors. Tayo ay naniniwala na kapag malinaw na ang bagong patakaran o bagong scheme of incentives, mauunawaan na nila ang panibagong sistema at sila ay gaganahan muling mag-invest sa ating bansa dahil maaari na nilang planuhin ang finances ng kanilang investment.

REP. TY. Hindi ho kaya maging huli na para sa atin ang makapaghikayat ng mga investors kung tayo ay maghihintay ng mga ilang taon bago maunawaan o makamit noong ating mga iniimbitahan o inaanyayahan na mga companies na gustong mag-invest or investors na gustong pumasok sa ating bansa? Tandaan po natin na bawat taon na sila ay tumitingin sa paglalagak ng kapital at puhunan sa isang bansa, ang tinitingnan po nila ay iyong short-term at long-term. Ang short-term, alam po

nila na hindi sila competitive. Pagdating naman ho sa long-term, iyong kasiguraduhan na hindi ho magbabago muli ang patakaran ng ating bansa.

Ito po iyong pangamba ko na baka dumating ang panahon na wala ho tayong maimbitahan dahil sa kanilang pangamba na wala na nga silang makukuha in terms of short-term goals, lalong hindi rin sila nakasisiguro sa long-term benefits noong kanilang investment sa ating bansa.

REP. CUA. Salamat po sa inyong tanong. Iyan naman po talaga ang puso ng ating discussion dahil mahirap na malaman ang magiging behavior ng ating investors ngunit sa ating pag-aaral, mas lalo po tayong mapag-iwanan ng buong mundo kapag hindi natin sinimulan ang pag-adjust ng ating corporate income tax rates. Kapag naman pinabayaan nating walang control ang ating gobyerno na ma-review at lagyan ng saysay o rhyme and reason iyong ating mga incentives na inaalok sa mga investors, para naman ho tayong naglalakad sa dilim na hindi natin alam kung ano na pala ang ipinamimigay natin at baka sobra-sobra na po pala ang incentives na ibinibigay.

Ang panukalang ito, ang hinahangad lang po naman ay maisaayos ang incentives at hindi hinahangad na pahirapan ang investors. Sa katotohanan, ang layunin natin ay pagandahin ang incentives, akitin ang investors at siguraduhing magtatagal sila dito, at bigyan sila ng pagkakataong pahabain ang kanilang incentives sa pamamagitan ng pagpapalago ng kanilang negosyo.

REP. TY. Tama po kayo na dalawa ho ang pangangailangan ng isang negosyante upang pumasok sa isang bansa. Ang una ay iyong ease of doing business, ang mabilis na pagkuha ng kaukulang permiso kung siya ay compliant with all the requirements ng isang lugar; at iyong pangalawa ay iyong insentibo. Ngayon, sa PEZA zones, ito po iyong dalawang bagay na sinasagot po nito. Ito po iyong mabilis na pagkuha ng approval dahil there is a one-stop shop at pangalawa, ito iyong mga insentibo.

Ngayon, pagka naman ito ay gagawin nating pa sa buong bansa, dalawa ho ang challenges na aking nakikitang problema. Ito po iyong ease of doing business, dahil alam po naman natin na maraming mga lugar ay nahihirapan ho na makapag-hanapbuhay ang isang investor o makapag-put up ng isang negosyo dahil sa hirap na pagdadaan nila sa pagkuha po ng lahat ng permits mula sa gobyerno. Hindi ho bababa sa 10 permits, national at local, bago ho makapagtayo ng isang factory at ito po ang isa sa pinakamahirap na dahilan kung bakit makikita natin hindi ho ganoon karami iyong nagtatayo ng maayos na kumpanya sa ating bansa. Pangalawa, ito po iyong insentibong ninanais nilang makuha kapareho noong nakukuha nila

mula sa mga ibang bansa na kanilang pinanggalingan o mga bansang naghihikayat sa kanila na doon na mamuhunan. Halimbawa lang, Singapore is only 17 percent, Macau is only 12 percent, Hong Kong is only 16.5 percent ang kanilang corporate income tax. Tayo, nangangarap ho tayo na maging 20 percent pero that will be 10 years from now. Ang katanungan ko, tayo po ba ay still competitive by then? Tatanggalan natin ng ibang insentibo doon sa kasalukuyan nilang nakukuha pero ang kanilang end goal ay makukuha pa nila after 10 years. So, ako ay nangangamba, G. I sponsor, na tayo ay mas mahihirapang makapag-imbiba ng mga investors dahil sa ganitong polisiya ng ating batas.

Halimbawa lang, lagyan natin ito ng comparison. Ang isang papasok sa—to avail of a BOI or a PEZA na sa loob ng limang taon ay mababawas iyong kanilang mga insentibong nakukuha samantalang iyong ninanais nilang at least 20 percent na kanilang corporate income tax na kapalit ay makukuha pa nila after 10 years, sa tingin po ba natin ito ay magiging maganda na offer para sa mga gustong pumasok sa ating bansa? Kaya nga po kanina ay tinatanong ko kung maaari po ba na maiklian itong ating pag-i-implement ng pagbawas ng ating corporate income tax sapagkat halos lahat ho ng ating katabing bansa, from Vietnam to Thailand, to Hong Kong, to Singapore, ay naibaba na po nila ang kanilang corporate income tax to 20 or less percent. Tayo, sa kasalukuyan, gusto nating gawing staggered—iyong 30 natin gawing 28, 26, 24, 22 up to 20 percent pero iyan ho ay sa loob ng 10 taon.

So, iyon po iyong aking pangamba, G. I sponsor, Mme. Speaker, na it will not make us competitive with our neighboring countries, kaya ho kailangan pag-isipan ho natin kung maaari natin mabago itong ating panukala na iklian ho natin ang 10 taon para ho maging competitive po tayo sa ating mga katabing bansa.

REP. CUA. Sang-ayon tayo, Mme. Speaker at Ginoong Kasama, na mas maganda nga po talaga kung mas mabilis ang pagbaba ng corporate income tax. Ang dahilan kung bakit may katagalan ito ay nais nating balansehin ito sa opinyon ng ating mga economic managers na kung masyadong mabilis, maaaring hindi makahabol ang gobyerno sa paglago ng pagkolekta nila ng ating mga revenues. Kung naunahan po natin kasi ng pagbaba ng ating koleksyon ang ating pagbaba ng tax rates, ay baka ang fiscal health ng ating bansa ay malalagay sa alanganin, at iyan po ang iniingat-ingatan natin dahil sa nakaraang mga buwan at taon, patuloy po ang pag-asenso ng ating credit rating na kinikilala ng iba't-ibang credit rating agencies sa buong mundo. Nakikita nila ang ating sound fiscal policy kaya pag tayo ay naa-upgrade, tayo po ay nagkakaroon ng access to better financing at mas murang pag-utang. Kapag mas mura ang utang natin o mas mahaba ang panahon

na puwede nating bayaran ito, lalong magiging mas masigla ang ating ekonomiya, magiging mas mura ang ating mga investment sa mga imprastruktura. So, iyon lang po. Bilang paliwanag, nais ko po talagang sabihin na sang-ayon ako na paiksiin ang panahon ngunit kailangan po nating hanapin iyong tamang balanse to maintain our fiscal health and good credit rating.

REP. TY. Naiintindihan ko po at ako naman ay sumasang-ayon dito sa batas na ito, subalit ang posisyon ho ng Representanteng ito ay nababagalan po siya doon sa pag-i-implement natin. Kaya po naman ako ay tumayo sa ngayon dahil nakikita ko iyong negatibong magiging epekto nito sa ating bansa, lalo na sa paghihikayat natin ng mga investors na gustong mag-invest sa ating bansa, iyong pagiging hindi natin competitive.

Tama po kayo na nangangamba tayo na baka hindi ho natin mahabol iyong pangangailangan ng ating pananalapi sa koleksiyon pero alam po naman natin mahabang panahon na ho natin itong pinag-uusapan at pinagdedebatehan na ito po ay responsibilidad po ng departments concerned, which are the Bureau of Internal Revenue and the Bureau of Customs. Maraming pagkakataon na nakikita ho natin na hindi po sila nakaka-hit noong kanilang target at hindi ho sumasapat doon sa ating taun-taong pangangailangan sa ating budget. Kaya nga po, iyan pong pananaw ng G. I sponsor na nahahirapan ho na baka mahirapan tayong masingil o makuha iyong ating target collection ay problema ho iyan ng departamentong dapat nilang pagtrabahuan.

Ang sa akin lang, ang pangamba ko ay baka lalo ho tayong hindi makakuha ng sapat na koleksiyon dahil sa kakulangan ng mga namumuhunan sa ating bansa kung hindi ho tayo competitive. Tandaan po natin, at palagi ko pong naririnig sa ating magiting na Sponsor, na ang kanyang drive ay ang trabaho at oportunidad, at iyan po ang nakikita kong plataporma na kanyang ipaglalaman. Sa aking pananaw, ang House Bill No. 8083 ay maganda pero kailangan ho, kung maaari, ay mas mapaaga po iyong pagbibigay po natin ng pagbaba ng corporate income tax.

Maraming salamat po, Mme. Speaker at G. I sponsor.

REP. CUA. Maraming salamat po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Thank you, Congressman Ty.

The Majority Leader is recognized.

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker, before we proceed to recognize the next interpellator, may we acknowledge the presence of the visitors and guests of the Hon. Jeffrey D. Khonghun: the Barangay Council

members and officials of Barangay Pag-asa, Olongapo City, Zambales; and the Barangay Council members and other officials of Barangay New Kababae, Olongapo City, Zambales.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

The Majority Leader is recognized.

REP. PIMENTEL. We would also like to acknowledge, Mme. Speaker, the presence of the guests of the Hon. Divina Grace C. Yu of the First District, Zamboanga del Sur, the Barangay Chairmen from Pagadian City: Hon. Bonifacio Boron Jr., Hon. Joel Babayson, Hon. Sencino Ruiz Jr., Hon. Charito Señedo, Hon. Teofisto Tauto-an, Hon. Nestor Cael Jr., and Hon. Antonio Rendon.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

REP. PIMENTEL. Likewise, we would like to acknowledge the presence of the guests of Rep. Gwendolyn F. Garcia of the Third District of Cebu: Mayor Lito Creus, Councilor Daisy Creus, Councilor Nestor Pimentel, Councilor Concesa Kho, Councilor Romil V. Alliera, Councilor Elizabeth Almeida, Councilor Cyril Sabac, Councilor Manolito Quiñanola, Municipal Assessor Emerita Anero, Municipal Engineer Jeffrey Kho, MENRO Eric Ybas, DRRM Officer Bernardita Rubin, and former ABC President Amalia Ejurango. They are also the guests of Rep. Peter John D. Calderon, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Please rise. Welcome to the House of Representatives. *(Applause)*

#### SUSPENSION OF SESSION

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

*It was 4:50 p.m.*

#### RESUMPTION OF SESSION

*At 4:51 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

REP. ATIENZA. Mme. Speaker.

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker.

REP. ATIENZA. Mr. Majority Leader, we are discussing a very important matter, taxation and reduction of income tax of the corporate bodies, and I do not see enough Members on the floor seemingly interested as, maybe, they are not in favor and that is the reason for their absence. At this point, I am constrained to move for adjournment so that we will have more Members tomorrow to participate in this all-important discussion.

We move to adjourn.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Majority Leader is recognized.

#### SUSPENSION OF SESSION

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker, I move that we suspend the session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

*It was 4:52 p.m.*

#### RESUMPTION OF SESSION

*At 4:56 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

#### SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 8083

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker, I move that we suspend the deliberations on House Bill No. 8083. I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

REP. DEFENSOR. Mme. Speaker, I move that we take up the Additional Reference of Business and for this purpose, that we direct our Secretary General to read the same.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General will please read the Additional Reference of Business.

## ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

*The Secretary General read the following Verified Impeachment Complaints and Resolution on First Reading, and the Deputy Speaker made the corresponding reference:*

## VERIFIED IMPEACHMENT COMPLAINTS

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Teresita J. Leonardo-De Castro filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Diosdado M. Peralta filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Lucas P. Bersamin filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Francis H. Jardeleza filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Noel G. Tijam filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Andres B. Reyes, Jr. filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

Verified Complaint for Impeachment against Supreme Court Associate Justice Alexander G. Gesmundo filed by Representatives Edcel C. Lagman, Teddy Brawner Baguilat, Jr. and Gary C. Alejano.

TO THE COMMITTEE ON JUSTICE

## RESOLUTION

House Resolution No. 2104, entitled:

“RESOLUTION DIRECTING THE

APPROPRIATE COMMITTEE OF THE HOUSE OF REPRESENTATIVES TO CONDUCT AN INQUIRY, IN AID OF LEGISLATION, ON THE LEGAL BASIS AND POSSIBLE EFFECTS OF THE SHIFT FROM AN OBLIGATION-BASED TO A CASH-BASED BUDGETING SYSTEM AS PROPOSED IN THE FISCAL YEAR 2019 NATIONAL BUDGET”

By Representative Andaya

TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The Majority Leader is recognized.

## SUSPENSION OF SESSION

REP. PIMENTEL. Mme. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

*It was 4:58 p.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

*At 5:10 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

REP. ANDAYA. Mme. Speaker, may we request that we suspend the consideration of House Bill—I withdraw that, Mme. Speaker.

## REFERRAL OF H. RES. NO. 2104 ON AN INQUIRY IN AID OF LEGISLATION

REP. ANDAYA. Mme. Speaker, in accordance with our Rules Governing Inquiries in Aid of Legislation, I move that we refer House Resolution No. 2104 to the Committee on Rules.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. ANDAYA. Likewise, Mme. Speaker, we are in receipt of a communication from the Department of Justice certifying the Oath of Office and Certificate of Assumption of Duty of the Hon. Emmeline Aglipay-Villar as Undersecretary of the Department of Justice. Mme. Speaker, in view of the foregoing, I move that

DIWA Party-List Rep. Emmeline Aglipay-Villar be dropped from the roll of Members effective July 24, 2018.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

#### ELECTION OF REPS. ARENAS AND ESCUDERO AS DEPUTY SPEAKERS

REP. ANDAYA. Mme. Speaker, on the part of the Majority, we move to elect the following Members:

Rep. Rose Marie “Baby” J. Arenas vice Rep. Eric D. Singson as Deputy Speaker.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Congratulations! (*Applause*)

REP. ANDAYA. Likewise, Mme. Speaker, I move that we elect Cong. Evelina G. Escudero vice Rep. Rolando G. Andaya Jr. as Deputy Speaker.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

Congratulations! (*Applause*)

#### ELECTION OF MEMBERS TO VARIOUS COMMITTEES

REP. ANDAYA. May I move for the election of the following Members to various Committees:

*The Majority Leader read the names of the House Members elected to the various Committees, per Journal No. 12, dated August 28, 2018.*

#### COMMITTEE ON INTER-PARLIAMENTARY RELATIONS AND DIPLOMACY

As Chairperson: Rep. Eric D. Singson vice Rep. Rose Marie “Baby” J. Arenas

#### COMMITTEE ON ACCOUNTS

As members:

Rep. Harlin Neil J. Abayon III vice Rep. Francis Gerald A. Abaya

Rep. Munir M. Arbison vice Rep. Rodrigo A. Abellanos

Rep. Ricardo “RJ” T. Belmonte Jr. vice Rep. Jose Christopher Y. Belmonte

Rep. Mark O. Go vice Rep. Ana Cristina Siquian Go

Rep. Imelda R. Marcos vice Rep. Emmanuel F. Madrona

Rep. Raymond Democrito C. Mendoza vice Rep. Evelyn P. Mellana

Rep. Corazon T. Nuñez-Malanyaon vice Rep. Makmod D. Mending Jr.

#### COMMITTEE ON AGRARIAN REFORM

As member:

Rep. Orestes T. Salon vice Rep. Mauyag “Jun” B. Papandayan Jr.

#### COMMITTEE ON AGRICULTURE AND FOOD

As members:

Rep. Lorna C. Silverio vice Rep. Mauyag “Jun” B. Papandayan Jr.

Rep. Tricia Nicole Q. Velasco-Catera vice Rep. Reynaldo V. Umali

#### COMMITTEE ON APPROPRIATIONS

As Vice-Chairpersons:

Rep. Ma. Lourdes R. Aggabao vice Rep. Paolo Everardo S. Javier

Rep. Carmelo “Jon” B. Lazatin II vice Rep. Scott Davies S. Lanete, M.D.

Rep. Carlo V. Lopez vice Rep. Ana Cristina Siquian Go

Rep. Shernee Abubakar Tan vice Rep. Mohamad Khalid Q. Dimaporo

Rep. “Kuya” Jose Antonio R. Sy-Alvarado vice Rep. Corazon T. Nuñez-Malanyaon

#### COMMITTEE ON AQUACULTURE AND FISHERIES

As members:

Rep. Bellaflor J. Angara-Castillo vice Rep. Henedina R. Abad

Rep. Milagrosa “Mila” T. Tan vice Rep. Mauyag “Jun” B. Papandayan Jr.

Rep. Tobias “Toby” M. Tiangco vice Rep. Aileen C. Radaza

#### COMMITTEE ON BANKS AND FINANCIAL INTERMEDIARIES

As Chairperson: Rep. Henry C. Ong vice Rep. Ben P. Evardone

As Vice-Chairperson: Rep. Pablo C. Ortega vice Rep. Henry C. Ong



As members:  
Rep. Bellaflor J. Angara-Castillo vice Rep. Rodolfo T. Albano III  
Rep. Cristal L. Bagatsing

## COMMITTEE ON PUBLIC INFORMATION

As Chairperson: Rep. Ben P. Evardone vice Rep. Scott Davies S. Lanete, M.D.

COMMITTEE ON BASIC EDUCATION  
AND CULTURE

As members:  
Rep. France L. Castro vice Rep. Gloria Macapagal-Arroyo  
Rep. Antonio L. Tinio vice Rep. Rodante D. Marcoleta

COMMITTEE ON CIVIL SERVICE AND  
PROFESSIONAL REGULATION

As members:  
Rep. Rodel M. Batocabe vice Rep. Jum J. Akbar  
Rep. Francis Gerald A. Abaya vice Rep. Harlin Neil J. Abayon III

## COMMITTEE ON JUSTICE

As members:  
Rep. Michelle M. Antonio vice Rep. Emmeline Aglipay-Villar  
Rep. Rodel M. Batocabe vice Rep. Rodolfo T. Albano III  
Rep. Jesulito A. Manalo vice Rep. Lucy T. Gomez  
Rep. Suharto T. Mangudadatu vice Rep. Ruwel Peter S. Gonzaga  
Rep. Zajid G. Mangudadatu vice Rep. Gloria Macapagal-Arroyo  
I so move, Mme. Speaker.

REP. DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

## SUSPENSION OF SESSION

REP. ANDAYA. I move to suspend the session, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is suspended.

*It was 5:16 p.m.*

## RESUMPTION OF SESSION

*At 5:17 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

RECONSIDERATION OF APPROVAL OF  
H.B. NO. 6769 ON SECOND READING

REP. ANDAYA. Mme. Speaker, I move that we reconsider the approval of House Bill No. 6769 on Second Reading.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

## ADJOURNMENT OF SESSION

REP. ANDAYA. Mme. Speaker, I move to adjourn the session until 3:00 p.m., Wednesday, August 29, 2018.

I so move, Mme. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garin, S.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The session is adjourned until 3:00 p.m., Wednesday, August 29, 2018.

*It was 5:17 p.m.*